

<p>Hoping in Season and out of Season A message for 2021</p>	<p>Ang Umasa nang Napapanahon man o Hindi Mensahe para sa 2021</p>
<p>Humanity is able to move forward because of the multitudes of women and men who give themselves without counting the cost, even in times of upheaval and uncertainty.</p> <p>Over these last few months, many young people have shared with us their worries about the future: what hope can give us direction; what things can we trust and rely on when everything is so unstable? And still more deeply: what goal is worth living for? Other voices rise up and say: we must resist becoming disenchanted and pay attention to signs of hope. (1)</p> <p>(1) As a way of responding to this message for 2021, we invite young people aged 15 to 35 to illustrate it with concrete examples. What initiatives or people are a sign of hope for me? Over the next few months, these responses will be published in various formats: texts, videos, podcasts.... Write to us at solidarity@taize.fr.</p>	<p>Nakasusulong ang sangkatauhan dahil sa napakaraming taong nagbibigay ng sarili nang hindi nagbibilang ng kapalit, kahit sa mga panahon ng kaguluhan at kawalan ng katiyakan.</p> <p>Nitong mga nakaraang ilang buwan, maraming kabataan ang nagbahagi sa amin ng kanilang mga pag-aalala tungkol sa hinaharap: anong pag-asa ang makapagbibigay sa amin ng direksyon; anong mga bagay ang mapagkakatiwalaan at masasandigan namin kung kailan ang lahat ay di tiyak? At mas malalim pa: anong layunin ang karapat-dapat paglaanan ng buhay? May mga ibang tinig ang tumitindig at nagsasabi: dapat nating tutulan ang pagkadismaya at magbigay pansin sa mga palatandaan ng pag-asa. (1)</p> <p>(1) Bilang isang paraan ng pagtugon sa mensaheng ito para sa 2021, inaanyayahan namin ang mga kabataang may edad na 15-35 na isalarawan ito gamit ang mga konkretong halimbawa. Anong mga inisyatibo o mga tao ang tanda ng pag-asa para sa akin? Sa mga susunod na buwan, ang mga tugong ito ay ilalathala sa iba't ibang format: sulatin, mga video, mga podcast... Sulatan kami sa solidarity@taize.fr</p>
<p>Attentive to signs of hope</p> <p>In the current situation marked by the pandemic, we are witnessing a growing precariousness in vast regions of the world. Bold political decisions are needed, but the solidarity and social friendship we can all undertake are just as indispensable. Many people are ready and willing to serve others. Their generosity reminds us that mutual aid opens a road for the future.</p> <p>And so many young people are devoting their energies to save</p>	<p>Mapagmasid sa mga palatandaan ng pag-asa</p> <p>Sa kasalukuyang kalagayan na markado ng pandemya, nasasaksihan natin ang isang lumalaking pagkawala ng kabuluhan sa mga malalawak na rehiyon ng daigdig. Kinakailangan ang matapang na mga desisyong pulitikal, ngunit ang pakikiisa at pagkakaibigang panlipunan na kaya nating isagawa ay kinakailangan din. Maraming tao ang handa at gustong maglingkod sa iba. Ang kanilang pagiging bukas-palad ay nagpapaalala sa atin na ang tulong sa isa't isa ay nagbubukas ng daan para sa kinabukasan.</p>

our common home, the planet! Initiatives are springing up everywhere: without providing all the answers to the climate emergency, they allow us already now to head towards ways of life which are more respectful of the environment.(2) For those who are believers, the earth is a gift that God has entrusted to us so that we may take care of it.

People have become more aware of structures of injustice, sometimes inherited from the past. And unfortunately, power has not always been exercised to serve the good of all. In the face of such abuses, frustration and anger are comprehensible. Who will be daring enough to be creators of justice and peace beyond the divisions that are splitting our societies apart?

(2) In the fight against climate change and to reduce carbon emissions, will we be able to call our practices into question in order to change what can be changed? Christian communities are taking part in this effort: ecumenical initiatives, such as the network of "Green Churches," exist in different countries around the world.

Already in 1989, the Churches of Europe meeting in Basel called upon everyone to "adopt a lifestyle that is as environmentally friendly as possible: this means, among other things, reducing energy consumption, using public transport and limiting waste." At Taizé, we are continuing our efforts towards the ecological transition. To help us in this, all proposals are welcome (www.taize.fr/eco).

Living as brothers and sisters

Yes, in the midst of the difficult realities of the present, we can

Kaya naman maraming mga kabataan ang naglalaan ng kanilang mga kalakasan para **isalba ang tahanan nating lahat**, ang mundo! Sumisibol sa lahat ng dako ang mga inisyatibo: hindi man naibibigay ang lahat ng mga sagot sa climate emergency, hinahayaan tayo ng mga ito na ngayon pa lang ay pumaroon na sa mga pamamaraan ng pamumuhay na mas magalang sa kalikasan. (2) Para sa mga mananampalataya, ang mundo ay isang handog na ipinagkatiwala ng Diyos sa atin upang atin itong mapangalagaan.

Naging mas mulat na ang mga tao sa mga istruktura ng kawalang-katarungan, na minsan ay minana mula sa nakaraan. At sa kasamaang palad, hindi laging ginagamit ang kapangyarihan upang paglingkuran ang kabutihan ng lahat. Sa harap ng gayong mga abuso, ang pagkabigo, kauna-unawa ang pagkasiphayo at galit. Sino ang magiging mapangahas na maging mga manlilikha ng katarungan at kapayapaan sa kabila ng mga pagkakahati na bumibitak sa ating mga lipunan?

(2) Sa laban kontra climate change at para pababain ang carbon emissions, kaya ba nating kwestyunin ang ating mga nakasanayan upang baguhin ang kayang baguhin? Nakikibahagi ang mga sambayanang Kristiyano sa pagsisikap na ito: mga inisyatibong ekumenikal, gaya ng network ng "Green Churches," ay umiiral sa iba't ibang bansa sa buong daigdig.

Noon pang 1989, sa Basel, ang pulong ng mga Simbahan sa Europa ay nanawagan na sa lahat na "angkinin ang isang paraan ng pamumuhay na hangga't maaari ay mapagmalasakit sa kalikasan: ibig sabihin nito, bukod sa iba pang bagay, ay ang pagpapababa ng pagkonsumo ng enerhiya, paggamit ng pampublikong transportasyon at paglilimita ng basura."

Sa Taizé, ipinagpapatuloy namin ang mga pagsisikap tungo sa pagbabagong ekolohikal. Upang tulungan kami rito, tanggap ang lahat ng mga mungkahi (www.taize.fr/eco).

Pamumuhay bilang magkakapatid

Oo, sa gitna ng mga mabibigat na realidad sa kasalukuyan,

glimpse reasons to hope, and even at times to hope against all hope. For this, we need to come together with others who have made different choices—with Christians from other denominations, with believers of other religions, and with people who are agnostic or atheist and who are also committed to solidarity and sharing.

Joy is renewed when we live as brothers and sisters, when we remain alongside the most deprived: the homeless, men and women who are elderly, ill or lonely, children in difficulty, people living with disabilities, migrants.... Life's circumstances can make us all vulnerable. And the pandemic is exposing the weak spots of our humanity.

We need one another more than ever. Pope Francis reminds us forcefully of this in his encyclical letter *Fratelli tutti*: "No one is saved alone." And he adds that we do not find our true identity "without being sincerely open to the universal, without feeling challenged by what is happening in other places, without openness to enrichment by other cultures, and without solidarity and concern for the tragedies affecting other peoples" (§32 and §146).

In relationships between individuals as well as between peoples, let us do all we can to move from competition to cooperation. Let us support the agencies or associations that promote cooperation and solidarity, whether it be locally, nationally or internationally.

Believing – trusting in a presence

At Taizé, we notice that young people are reflecting in a new

makakaaninag pa rin tayo ng mga dahilan upang umasa, at maging minsan pa'y umasa nang higit sa lahat ng pag-asa. Para rito, kailangan nating magsama-sama kapiling ang ibang may ginawang kakaibang pagpapasiya—kapiling ang mga Kristiyano mula sa ibang mga denominasyon, kapiling ang mga mananampalataya ng ibang mga relihiyon, at kapiling ang mga taong agnostiko o hindi naniniwala sa Diyos at nakatuon din sa pakikiisa at pagbabahaginan.

Napapanibago ang kagalakan kapag namumuhay tayo bilang magkakapatid, kapag nananatili tayo sa tabi ng mga labis na pinagkaitan: ang mga walang tahanan, mga matatanda, mga maysakit o nag-iisa, mga batang naghihirap, mga taong may kapansanan, mga migrante... Maaaring tayong lahat ay gawing marupok ng mga pangyayari sa buhay. At inilalantad ng pandemya ang mga mahihinang dako ng sangkatauhan.

Higit kailanman, kailangan natin ang isa't isa. Mariin itong ipinapaalala sa atin ni Papa Francisco sa kanyang liham ensiklikal na *Fratelli tutti*: "Walang naililigtas nang nag-iisa." At idinagdag pa niya na hindi natin matutuklasan ang ating tunay na pagkakakilanlan "nang hindi totoong bukas sa pangkalahatan, nang hindi nakararamdam ng paghamon mula sa nagaganap sa ibang mga lugar, nang walang pagkabukas sa pagpapayaman ng ibang mga kultura, at nang walang pakikiisa at pag-aalala para sa mga trahedyang nakakaapekto sa ibang mga tao" (32 and 146).

Sa mga ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal at sa pagitan din ng mga bayan, gawin natin ang lahat ng makakaya upang umalpas mula sa kompetisyon tungo sa kooperasyon. Suportahan natin ang mga ahensiya at asosasyon na nagsusulong ng kooperasyon at pakikiisa, ito man ay panglokal, pambansa, o pang-internasyonal.

Paniniwala—pagtitiwala sa isang presensya

Sa Taizé, napansin naming ang mga kabataan ay nagninilay sa

way about faith in God in order to stay on track. What does it mean to believe? And if God exists, is this God active in history, in our lives?

In the face of these questions, it is important to avoid reducing God to our concepts. God is infinitely greater than all we can imagine. We are seekers thirsting for love and truth. Wherever we may be on our inner pilgrimage, all of us are often just feeling our way forward. But, as pilgrims of trust, we can walk together, sharing our search—our questions as much as our convictions.

“Faith is a simple trust in God, a surge of trusting repeated a thousand times during our lifetime... even if in each one of us there can be doubts as well,” said Brother Roger.

Does believing not mean first of all trusting in a presence which is both in the depths of our being and in the entire universe, a presence which is elusive and yet so real? A presence that does not impose itself, but one we can welcome anew at every moment, in silence, as a kind of respiration. A caring presence which is always there, regardless of our doubts and even when we have the impression that we understand very little who God is.

Discerning a new horizon

A caring presence: what light does the Gospel shed on this mystery?

Jesus drew life from this caring presence to the very end; he

isang bagong paraan tungkol sa pananampalataya sa Diyos upang manatiling nasa tahak. Ano ba ang ibig sabihin ng maniwala? At kung may Diyos, ang Diyos bang ito ay aktibo sa kasaysayan, sa ating mga buhay?

Sa pagharap sa mga tanong na ito, mahalagang iwasan na paliitin ang Diyos sa ating mga konsepto. Ang Diyos ay walang hangganang mas dakila kaysa lahat ng kaya nating akalain. Tayo’y mga naghahanap na uhaw sa pagmamahal at katotohanan. Nasaan man tayo sa ating panloob na paglalakbay, lahat tayo ay madalas nangangapa lamang ng ating daan pasulong. Subalit, bilang mga manlalakbay ng pagtitiwala, kaya nating maglakad nang sama-sama, ibinabahagi ang ating paghahanap—ang ating mga tanong gayundin ang ating mga paninindigan.

“Ang pananampalataya ay isang simpleng pagtitiwala sa Diyos, isang bugso ng pagtitiwalang nauulit-ulit ng sanlibong beses sa ating buhay... kahit na sa bawat isa sa atin ay may mga duda rin,” wika ni Brother Roger.

Hindi ba’t ang paniniwala ay nangangahulugang una sa lahat pagtitiwala sa isang presensya na parehong nasa kaibuturan ng ating pagkatao at nasa buong sansinukob, isang presensyang mailap subalit totoong-totoo? Isang presensyang hindi iginigiit ang sarili, ngunit maaari nating salubungin muli sa bawat sandali, sa katahimikan, bilang isang uri ng paghinga. Isang mapagkalingang presensya na laging nariryan, anuman ang ating mga pag-aalinlangan at kahit may pakiramdam tayo na napakaliit ng ating nauunawaan sino ang Diyos.

Pag-aninaw sa isang bagong hinaharap

Isang mapagkalingang presensya: anong liwanag ang hatid ng Mabuting Balita sa misteryong ito?

Sumalok ng buhay si Jesus hanggang sa huli mula sa

was constantly attentive to it. It was an inner light for him, the breath of God, the inspiration of the Holy Spirit.

From the depths of suffering and absolute solitude, when he was dying on the cross, when everything seemed meaningless, he let his feelings of abandonment burst out in a cry, but in words still addressed to God: "My God, my God, why have you forsaken me?" Betrayed, tortured, condemned to death, Jesus brought love into the deepest darkness. And that love was shown to be stronger than evil. Mary Magdalene and then the apostles communicated this unexpected, unbelievable news: he is alive. God's love has conquered hatred and death.

Gripped by this news, the first Christians were overwhelmed and they bore witness to it: Christ is henceforth alive with God. Christ fills the universe by the Holy Spirit and is also present in every human being. Christ is in solidarity with the poor and will bring them justice; he is the fulfillment of history and creation; he will welcome us after death in the fullness of joy.

Beyond human violence, beyond environmental disasters and diseases, a new horizon is open. Will we be able to discern it?

Changing our way of seeing

From this horizon revealed by the resurrection of Christ, a light enters our existence. Again and again it dispels the shadow of fear and makes a spring of living water well up; because of it the joy of praise bursts forth.

mapagkalingang presensyang ito: lagi Siyang nakikinig dito. Ito ay isang panloob na tanglaw para sa Kanya, ang hininga ng Diyos, ang inspirasyon ng Espiritu Santo.

Sa kalaliman ng Kanyang pagdurusa at lubusang pag-iisa, habang Siya'y agaw-buhay sa krus, habang ang lahat ay tila walang kabuluhan, hinayaan Niyang sumambulat ang Kanyang pakiramdam ng pagkaiwan sa isang sigaw, subalit sa mga salitang nakatuon pa rin sa Diyos: "Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan?" Pinagtaksilan, pinahirapan, hinatulan ng kamatayan, dinala ni Jesus ang pag-ibig patungo sa pinakamalalim na karimlan. At napatunayang ang pag-ibig na ito ay mas malakas kaysa kasamaan. Si Maria Magdalena at kasunod ang mga apostoles ay nagpahayag nitong di inaasahan, di kapani-paniwalang balita: Siya ay buhay. Nalupig ng pag-ibig ng Diyos ang pagkamuhi at kamatayan.

Yakap ng balitang ito, ang mga unang Kristiyano ay lubusang namangha at sila ay nagbigay patunay dito: Si Kristo ay mula ngayon buhay kapiling ang Diyos. Si Kristo ay nagpupuno sa sanlibutan sa pamamagitan ng Espiritu Santo at naroon din sa bawat tao. Si Kristo ay nakikiisa sa mga aba at hahatiran sila ng katarungan; Siya ang katuparan ng kasaysayan at paglikha; sasalubungin Niya tayo pagkatapos ng kamatayan sa kaganapan ng ligaya.

Higit pa sa karahasan ng tao, higit pa sa mga sakunang pangkalikasan at mga karamdaman, isang bagong hinaharap ang bukas. Kakayanin ba natin itong aninawin?

Pagbabago ng pamamaraan natin ng pagtingin

Mula sa hinaharap na ito na inihayag ng muling pagkabuhay ni Kristo, isang liwanag ang pumapasok sa ating pag-iral. Paulit-ulit nitong itinataboy ang anino ng takot at pinaaapaw ang isang bukal ng buhay na tubig; dahil dito sumasambulat ang galak ng papuri.

As a result we can sense that secretly, by a kind of mysterious attraction. Christ continues until the end of time to gather together into God's love all humankind and the entire universe. And he makes us partners in his mission.

Christ makes us partners together, as the Church. That requires us to be ready to widen our friendship to include everybody. Christ asks us to love even our enemies; his peace reconciles even opposing nations. (3)

(3) In these trying times of the pandemic, the Church can continue to promote fraternity in the human family. Here are three suggestions among many others:

- To make our societies more human, we need to listen to one another in a way that alleviates antagonisms and teaches us to walk together in our differences. The Church is called to seek dialogue, to go out to meet everyone. Would those who live without reference to any Christian community also be ready to enter into dialogue with it?

- Faced with the arrival of so many migrants and refugees, welcoming an exiled person or family can give a boost to our parishes or communities. People who are not churchgoers are often ready to participate in such a welcome. This is the experience we have had in Taizé in recent years, as we have welcomed migrants from several countries together with people from our immediate region.

- Being a welcoming community means listening to those who are most vulnerable. In many places, the Churches need to make progress to protect the integrity of all. Sometimes power structures have developed within them that have resulted in physical, psychological and spiritual suffering. In Taizé, too, we are continuing our work of truth in this regard (www.taize.fr/protection).

Bilang resulta nadarama natin ito nang palihim, batay sa isang uri ng mahiwagang pang-aakit. Si Kristo ay nagpapatuloy hanggang sa wakas ng panahon na tipunin nang sama-sama sa pag-ibig ng Diyos ang lahat ng tao at ang buong santinakpan. At ginagawa Niya tayong mga katuwang sa Kanyang misyon.

Ginagawa tayong katuwang ni Kristo nang sama-sama, bilang Simbahan. Iniaatas nito sa atin na maging handa na palawakin ang ating pagkakaibigan upang maisali ang lahat. Hinihingi ni Kristo na mahalín natin maging ang ating mga kaaway; ipinagkakasundo ng Kanyang kapayapaan maging mga bansang magkasalungat. (3)

(3) Sa mapanubok na panahong ito ng pandemya, kayang ipagpatuloy ng Simbahan na itaguyod ang kapatiran sa pamilya ng sangkatauhan. Narito ang tatlong mungkahi, bukod sa marami pang iba:

- Upang gawing mas makatao ang ating mga lipunan, kailangan nating makinig sa isa't isa sa paraang pinapagaan ang mga salungatan at nagtuturo sa ating maglakbay nang sama-sama sa gitna ng ating mga pagkakaiba-iba. Ang Simbahan ay tinatawag na hangarin ang diyalogo, na lumabas upang tagpuin ang lahat. Yaong mga namumuhay nang walang kaugnayan sa anumang Kristiyanong sambayanan ay maging handa rin kaya na pumasok sa diyalogo sa kanya?

- Nahaharap sa pagdating ng napakaraming mga migrante at refugees, ang pagtanggap sa isang ipinatapong tao o mag-anak ay makakapagbigay ng lakas sa ating mga parokya o sambayanan. Ang mga taong hindi palasimba ay madalas handang lumahok sa ganitong mga pagsalubong. Ito ang karanasan na mayroon kami sa Taizé nitong mga nagdaang taon, habang sinalubong namin ang mga migrante mula sa ilang mga bansa kapiling ang mga tao mula sa aming malapit na rehiyon.

- Ang pagiging isang sambayanang bukas ay nangangahulugang pakikinig sa mga pinakamahihina. Sa maraming mga lugar, kailangan ng mga Simbahan na gumawa ng pagsulong upang protektahan ang integridad ng lahat. Minsan nabuo ang mga istruktura ng kapangyarihan sa loob nila na nagresulta sa pagdurusang pisikal, sikolohikal at ispiritual. Sa Taizé rin, ipinagpapatuloy namin ang aming gawain ng katotohanan sa bagay na ito (www.taize.fr/protection).

<p>Let Christ change our way of seeing: through him we recognize more clearly the dignity of every human being and the beauty of creation. Far from being a naive trust, hope springs up again and again, because it is rooted in Christ. A serene joy fills us and, with it, the courage to take on the responsibilities that God entrusts to us on this earth.</p> <p>With each of you who want to reflect on this message, I am in communion through prayer.</p> <p style="text-align: right;">Brother Alois</p>	<p>Hayaan nating baguhin ni Kristo ang paraan natin ng pagtingin: sa pamamagitan Niya nakikilala natin nang mas malinaw ang dignidad ng bawat tao at ang ganda ng sangnilikha. Malayo mula sa pagiging walang muwang na pagtitiwala, ang pag-asa ay umuusbong nang paulit-ulit, sapagkat nakaugat ito kay Kristo. Banayad na galak ang pumupuno sa atin at, kasama nito, ang tapang na akuin ang mga pananagutan na ipinagkakatiwala ng Diyos sa atin sa mundong ito.</p> <p>Sa bawat isa sa inyong nais magnilay sa mensaheng ito, ako'y kaisa ninyo sa panalangin.</p> <p style="text-align: right;">Brother Alois</p>
<p>Christ Jesus, we praise you for your goodness and your simplicity. Through your humility the light of God shone your whole life long. This light shines today in our hearts. It can heal our wounds and even transform our frailties and our uncertainties into wellsprings of life, into creative energy, into the gift of trust. By shining this light of God on us, you make us able to hope in season and out of season..</p>	<p>Kristo Jesus, pinupuri Ka namin para sa Iyong kabutihan at kapayakan. Sa Iyong kababang-loob nagningning ang liwanag ng Diyos sa Iyong buong buhay. Ang liwanag na ito nagningning sa aming mga puso ngayon. Kaya nitong pagalingin ang aming mga sugat at panibaguhin ang aming mga kahinaan at kawalang-katiyakan na maging mga bukal ng buhay, na maging lakas na lumilikha, na maging handog ng pagtitiwala. Sa pagningning ng liwanag na ito ng Diyos sa amin, pinapaging-kaya mo kami na umasa nang napapanahon man o hindi..</p>
<p>Some Bible texts to go further with the reflection</p> <p>Mary sang with these words: "God has brought down rulers from their thrones but has lifted up the humble. [...] He has sent the rich away empty. (Read Luke 1:46-56)</p> <p>Mary, the mother of Jesus, was able to unite love and tenderness with the ardent hope of radical change.</p> <p>Jesus said: "The Helper, whom the Father will send in my name, will teach you all things and will remind you of everything I said</p>	<p>Ilang mga teksto mula sa Bibliya upang magpatuloy sa pagninilay</p> <p>Umawit si Maria gamit ang mga salitang ito: "Tinanggal sa kanilang luklukan ang mga may kapangyarihan, at itinaas ang mga nasa abang kalagayan... Pinaalis nang walang dalang anuman ang mga mayayaman." (Basahin ang Lukas 1:46-56)</p> <p>Si Maria, ina ni Jesus, ay nagawang ipag-isa ang pagmamahal at kagiliwan sa marubdob na pag-asa ng radikal na pagbabago.</p> <p>Sinabi ni Jesus: "Ngunit ang Tagapagtanggol, ang Espiritu Santo</p>

to you.” (Read John 14:15-31)

Jesus did not leave us all alone. Before his death, he assured his disciples of his presence for all time, through the Holy Spirit. The Spirit lives in us, comforts us, sustains us and inspires us to live as followers of Christ Jesus, day after day.

Let the heavens rejoice, let the earth be glad; let the sea resound, and all that is in it. Let the fields be jubilant, and everything in them; let all the trees of the forest sing for joy. Let all creation rejoice before the Lord, for he comes; he comes to bring justice to the earth. (Read Psalm 96)

Many psalms invite us to praise God. Human beings are not the only ones to sing God’s praises; all creation takes part. We do not only want to protect creation because we need it so we can exist, but because we are a part of it and because God’s beautiful designs extend to all that lives.

The pilgrimage of trust in 2021

The pilgrimage of trust on earth will continue. The current context of uncertainty is prompting us to find new forms for it, such as online initiatives: the period of lockdown has shown how precious it is to remain in communion with one another through the means of communication.

As the pandemic continues, it is not clear whether all the meetings can take place as planned, but we hope to organize the following stages of the pilgrimage of trust in 2021:

na isusugo ng Ama sa pangalan Ko, ang Siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi Ko sa inyo.” (Basahin ang Juan 14:15-31)

Hindi tayo iniwang mag-isa ni Jesus. Bago ang Kanyang kamatayan, siniguro Niya sa Kanyang mga alagad ang Kanyang presensya sa lahat ng panahon, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Nananahan ang Espiritu sa atin, inaaliw tayo, inaalalayan tayo at kinakasihan tayong mamuhay bilang mga tagasunod ni Kristo Jesus, araw-araw.

“Lupa’t langit ay magsaya, umugong ang kalaliman, lahat kayo na nilikhang nasa tubig ay magdiwang. Ang bukirin at ang lahat ng naroon ay sumigaw, pati mga punongkahoy sa galak ay mag-awitan. Si Yahweh ay darating na upang lahat ay hatulan, at Kanyang paghahariin ang sakdal na katarungan.” (Basahin ang Salmo 96)

Maraming mga salmo ang nag-aanyaya sa atin na purihin ang Diyos. Hindi lamang mga tao ang umaawit ng mga kapurihan ng Diyos; ang lahat ng nilikha ay lumalahok. Hindi lamang natin ninanais na protektahan ang sangnilikha sapagkat kailangan natin ito upang tayo ay mabuhay, subalit dahil tayo ay bahagi nito at dahil ang mga magagandang disenyo ng Diyos ay umaabot sa lahat ng nabubuhay.

Ang pilgrimage of trust sa 2021

Ang pilgrimage of trust on earth ay magpapatuloy. Ang kasalukuyang kinalalagyan ng kawalang katiyakan ay nag-uudyok sa amin upang makahanap ng mga bagong anyo para rito, tulad ng mga inisyatibong online: ipinakita ng panahon ng lockdown kung gaano kahalaga ang manatili sa pakikipag-isa sa bawat isa sa pamamagitan ng mga paraan ng komunikasyon.

Habang nagpapatuloy ang pandemya, hindi malinaw kung ang lahat ng mga pagpupulong ay maaaring maganap ayon sa plano,

- Weekly meetings in Taizé, throughout the year, if and when the health situation permits it.
- Online continental meetings from Taizé and from different places around the world where brothers live.
- Weekend of friendship between young Muslims and Christians, from July 14 to 18, 2021.
- Week of reflection for 18-35 year olds, from August 22 to 29, 2021.
- European Meeting in Turin, from December 28, 2021 to January 1, 2022.

And finally, in 2022 we hope to undertake the stage of the pilgrimage of trust in the Holy Land that had been announced for 2021. The dates will be published soon.

ngunit umaasa kaming maisasagawa ang mga sumusunod na yugto ng pilgrimage of trust ngayong 2021:

- Lingguhang pagtitipon sa Taizé, sa buong taon, kung kailan pahihintulutan ito ng sitwasyong pangkalusugan.
- Mga online na pagpupulong kontinental mula sa Taizé at mula sa iba't ibang mga lugar sa buong mundo kung saan ang mga brothers ay naninirahan.
- Linggo ng pagkakaibigan sa pagitan ng mga kabataang Muslim at Kristiyano, mula Hulyo 14 hanggang 18.
- Linggo ng pagninilay para sa mga 18-35 taong gulang, mula Agosto 22 to 29.
- European Meeting sa Torino, mula Disyembre 28, 2021 hanggang Enero 1, 2022.

At panghuli, sa taong 2022 umaasa kaming makapagsasagawa ng yugto ng pilgrimage of trust sa Tierra Santa na inanunsyo para sa taong 2021. Ilalathala ang mga petsa sa lalong madaling panahon.